REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 91-201

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG "RIPRAPPING AT ROAD FILLING" NA GAGAWIN SA MAGDAONG ROAD, NBP RESERVATION, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA AT ANG PAGLALAAN NG HALAGANG ISANG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG LIBO, ISANG DAAN AT ANIMNAPUNG PISO AT APATNAPU'T ANIM NA SENTIMO (P125,160.46) PARA DITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang kasalukuyang kalagayan ng Magdaong Road ay lubhang sirang-sira na at maaaring magdulot ng kapinsalaan hindi lamang sa mga sasakyan kundi maging sa mga tao man;

SAPAGKAT, ang pag-unlad ng isang lugar ay magiging madali kung ito'y mayroong maayos na lansangan;

SAPAGKAT, ang lansangang sira-sira ay hindi lamang malaking kaabalan sa paglalakad o pagbibiyahe kungdi nakakapagdulot din ng pagkasira ng kalusugan bunga ng mga mga putik at alikabok na maaaring malanghap o dumikit sa katawan;

SAPAGKAT, anuman ang gawing ayos at paglilinis sa bakuran at kapaligiran ay nawawalan ng saysay kung sira-sira ang lansangan;

SAPAGKAT, tungkulin ng pamahalaang bayan na maging maayos ang pamayanan para sa kaginhawahan ng mga naninirahan o nasasakupan nito.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na pinagtitibay ang "riprapping at road filling" na gagawin sa Magdaong Road, NBP Reservation, Muntinlupa, Kalakhang Maynila at ang paglalaan ng halagang Isang Saan Dalawampu't Limang Libo, Isang Daan at Animnapung Piso at Apatnapu't Anim na Sentimo (P125,160.46) para dito.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 163rd pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-15 ng Hulyo 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



**KGG. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. EPIFANIO A. ESPELETA**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**KOnsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. VICENTE YU CHUA**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN:**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PBS/vts**